

# Team building activity pinangunahan ni Gob. Tallado




Tagumpay ng Katuwiran,
Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran

**Bantayog**

Opisyal na Pahayagan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte

TAON 1, BLG. 8 DAET, CAMARINES NORTE DISYEMBRE, 2010
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Cam. Norte"
Website: Http//www.camarinesnorte.gov.ph Email: cao_cnorte@yahoo.com




Gob. Edgardo A. Tallado

nasa loob


EDITORYAL 4
TRAVELLER'S BLOG 5


Game na *game* na nagpaunlak ng awitin si Gobernador Edgardo 'Egay' A. Tallado gayundin ang kanyang maybahay na si Gng. Josie Tallado. Ito ay sa okasyon ng *Provincial Government Employees Team Building Activity* na idinaos sa *Camarines Norte Sports, Cultural and Arts Center (CNSCAC)* noong Disyembre 17, 2010 simula ika-3 n.h. hanggang hating-gabi na nagsilbi na ring *Provincial Capitol Christmas Party.*

Ang nasabing okasyon na pinangunahan nina Gob. Tallado ay dinaluhan ng mga opisyal at kawani ng pamahalaang panlalawigan at ilang panauhin. Nakiisa rin dito si Bise Gobernador Jonah Pimentel at ang mga bokal ng Sangguniang Panlalawigan (SP) mula sa *Bicol* at *Tagalog-speaking towns* na sina *Engr.* Gerry G. Qui-

(Sundan sa pahina 5)

# Gob. Tallado binigyan ng 19-gun salute

## at parade and review ng 9th ID PA

## bilang bagong RPOC Chair ng Bicol

Si Gobernador Edgardo A. Tallado ng lalawigan ng Camarines Norte ay nahirang na *Regional Chairman ng Regional Peace and Order Council (RPOC)* kamakailan. Sa mahabang panahon, siya lamang ang gobernador ng lalawigan na kauna-unahang naluklok sa nasabing posisyon.

Kasunod nito, si Gob. Tallado ay binigyan ng *19-gun salute/parade and review* ng *9th Infantry (SPEAR) Division, Philippine Army (ID PA)* sa isang *military activities* nito noong Disyembre 4, 2010 na idinaos sa punong himpilan nito sa *Camp* Elias Angeles, Brgy. Tinangis, Pili, Camarines Sur pagkatapos ng *silent drill exhibition.*

Sa naturang *parade and review,* nagkaroon ng *formation of troops,*

(Sundan sa pahina 4)



# Mga ideya, mithiin ni Rizal ginunita sa 114th anibersaryo ng pagkakatayo ng kanyang 'Bantayog' dito na kauna-unahan sa buong mundo

Ipinalabas kamakailan ni Gobernador Edgardo 'Egay' A. Tallado ang Atas Tagapagpaganap Bilang 2010-37 para sa pagdiriwang dito ng ika-114 taong anibersaryo ng pagkakatatag ng Kauna-unahang Bantayog ni Gat Jose P. Rizal sa buong mundo na matatagpuan dito sa Daet, Camarines Norte. Ito ay nakatuon sa temang: *"Advancing the Ideas and Ideals of Rizal for the Sake of Economic Development"*.

Matatandaang ito ay ginugunita taun-taon sa buong bansa upang alalahanin sa isang natatanging pamamaraan ang kabayanihan, ang pagiging martir ng ating Pambansang Bayaning si Gat Jose Rizal sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga angkop na aktibidad sa nasabing petsa. Layunin nito na maiparating sa mas maraming mamamayan ang ideya ni Rizal upang magkaroon nang tahimik at maunlad na lipunan na nasasalaysay sa imahinasyon ng ***El Filibusterismo***, na kung saan sina Padre Florentino at Padre Simon ay napag-usapan ang haba ng pangangailangan ng pagbabago ng isang tao tungo sa pagbabago ng lipunan.

Kaugnay nito, sa pamamagitan ng *Office of the Governor-Museum, Archives and Shrine Curation Division (G.O.-MASCD)* ay isinagawa ng Pamahalaang Panlalawigan ang isang *oratorical contest* noong Disyembre 9, 2010 sa *3rd floor Audio Visual Room, Provincial Capitol,* Daet, Camarines Norte sa ganap na ika-1:30 ng hapon.

Naiuwi ni Bernardo R. Quinto Jr. ng San Lorenzo Ruiz *National High School* ang unang gantimpala, at premyong P3,000.00 na ginabayan ng kanyang tagapagsanay na si G. Ronald Rafael. Ang pangalawang gantimpala ay nakuha ni Mary Gazylene A. Pagsisihan ng *CNSC Laboratory High School* na tumanggap ng P2,000.00 sa patnubay ng tagapagsanay na si Gng. Norma Y. Papares. Nagsalo naman sa ikatlong gantimpala sina Jovelle Sydell S. Eboña ng Vicente Basit *Memorial High School*, at Divinagrace E. Elen ng Camarines Norte *National High School* na nakakuha ng parehong puntos, at pinagkaloobban ng premyong tig-P500.00. Sina Eboña at Elen ay nagsanay sa gabay ng kani-kanilang tagapagsanay na sina G. Rheuben G. Rigon, at Gng. Daisy E. Elen, ayon sa pagkakasunod.

Binigyan naman ng tig-P100.00 na *consolation prizes* ang mga sumusunod na kalahok na ginabayan ng kani-kanilang mga tagapagsanay: Efren Yadao Tagala Jr. - *Our Lady of Lourdes College Foundation* (*Coach*-Ms. Sheila S. Abaiz); Crizza Jamaica B. Dieza - *Camarines Norte College* (*Coach*-Mr. Angeles C. Magadia Jr.); Madelaine Joy P. Agpay - San Felipe *National High School* (*Coach*-Mrs. Tomasa Fe P. Mañago); Clarenz Villaluz – *D.Q. Liwag National High School* (*Coach*-Mrs. Maricor A. Liwag), at Nicole O. Zenarosa – *Vinzons Pilot High School* (*Coach*-Mr. Jayson Bargo).

Samantala, bago ang naturang paligsahan ay idinaos muna ang isang programa na sinimulan sa pamamagitan ng isang panalangin na pinangunahan ni Romil C. del Moro, MASCD Staff. Naging panauhin dito ang maybahay ng gobernador na si Gng. Josie B. Tallado na nagbigay ng kanyang mensahe sa okasyon.

Ang mga premyo at kaukulang medalya ay ipinagkaloob ng pamahalaang panlalawigan sa mga nanalo noong Disyembre 30, 2010 sa programang paggunita na isinagawa rito kaugnay sa ika-114 taong anibersaryo ng pagkamatay ni Gat Rizal. Ito ay matapos ang seremonya ng pagtataas ng Watawat na ginanap sa *Provincial Capitol Grounds*.

Pagkatapos ng programa, sina Mark, Kristine at Kimberly Baluzo ay nag-alay ng mga bulaklak sa Bantayog ni Gat Jose Rizal sa Liwasan ng mga Bayani dito kasama ang mga opisyal ng pamahalaang panlalawigan at pribadong sektor bilang pagpupugay sa kadakilaan ng ating pambansang bayani. Sila ay patuloy na naniniwala sa mga ideya at panuntunan ng ating pambansang bayani. ***AIDA B. PANDEAGUA/LTI***

# 28th Boys and Girls Week ipinagdiwang dito






Pinangunahan ng Pamahalaang Panlalawigan ang selebrasyon dito ng *28th Boys and Girls Week (BGW)* ó Linggo ng Kabataan simula Disyembre 11-17, 2010. Ito ay taun-taong isinasagawa sa buong bansa tuwing ikalawang linggo ng Disyembre ng bawa't taon susog sa itinatadhana ng *Presidential Proclamation No. 99*.

Ang 1-linggong selebrasyon dito ay sinimulan sa pamamagitan ng *Orientation and Election of Boy and Girl Officials* na idinaos noong Disyembre 11, 2010 sa *Heritage Center* (dating gusali ng Pamahalaang Bayan ng Daet). Ito ay nilahukan ng 61 mag-aaral mula sa iba't-ibang paaralang sekondarya, pribado at pampubliko man.

Sa programang isinagawa kaugnay nito, nagbigay ng *opening remarks* si Kwn. Silverio G. Quiñones III, pangulo ng Kiwanis Club of Daet; at *welcome remarks* naman mula kay Daet *Vice Mayor* Felix Q. Abogado. Ang *Mechanics of Boys and Girls Week* ay tinalakay naman ni Kwn. Domingo A. Elaga, *BGW project chairman*. Ang mensahe ni Gobernador Edgardo A. Tallado para sa okasyon ay ipinarating ng kanyang kinatawan na si *OIC Provincial Administrator* Joey G. Boma.

Kaugnay nito, tinalakay naman ni *DILG* Asst. Provincial Director Melody E. Relucio ang mga paksang *Youth Empowerment under the Local Government Code*, at *Group Dynamics/Leadership*. Sinundan ito ng pagtalakay ni Kwn. Corazon Y. Bacerdo, dating pangulo ng Kiwanis Club of Reina Daeteña, sa *Parliamentary Rules and Procedures*, at ang kahalagahan nito.

Bilang *project vice chairman*, pinangasiwaan ni Kwn. Elmer M. Bacuño ang eleksyon, at pagtatalaga sa puwesto sa mga *boy and girl officials* ng pamahalaang panlalawigan. Narito ang resulta ng eleksyon:

*Boy Congressman (1st District)*-Eugene Balindan; *Boy Congressman (2nd District)*-Uner Percil; *Boy Governor*-Paolo Gerero; *Girl Vice Governor*-Princess Burce, at *Youth Sangguniang Panlalawigan Members (YSPM)*: Marie Mago; Lady Cezaine Sabanal; James Rupert Gozo; Jerome Parco; Jeffrey Mabeza; Jerome Obusan; Janine Asis; Ma. Carmina Flores; Chanel Viscaya; Annalene Olit; Mary Rose Manlangit; Renzo Ibana, at Jonathan Solomon.

Ang nasabing mga *elected youth officials* ay dumalo sa regular na *flag raising ceremonies* ng pamahalaang panlalawigan sa *Provincial Capitol*

*(Sundan sa pahina 7)*

# Status report on the Millennium Development Goals of the Province of Camarines Norte using CBMS data

Malugod na tinanggap ni Pangulong Simeon Benigno "Noynoy" Aquino III ang iprenesenta ni *National Economic and Development Authority (NEDA) Secretary* Cayetano W. Paderanga na *Status Report* ng *Millennium Development Goals (MDG)* ng lalawigan ng Camarines Norte gamit ang *Community-Based Monitoring System (CBMS) data*. Ito ay sa pormal na paglulunsad nito na isinagawang noong Setyembre 8, 2010 sa *Dusit Thani Hotel* sa Makati City.

Ang nasabing dokumento ang kauna-unahang *Provincial MDG Report* ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte kasunod ng pagkapili rito ng *Poverty and Economic Policy (PEP)-CBMS Network* upang gumawa (magkaroon) ng *MDG Status Report*. Ito ay naglalayong maipakita ang tunay na kalagayan ng lalawigan gamit ang *2006 CBMS data* at iba pang *program indicators* para magsilbing gabay upang maabot ang *Millennium Development Goals (MDG)* ng lalawigan at upang madagdagan ang kabatiran ng mga lokal na opisyales kung papaanong ang ulat *(report)* na ito ay magiging tulay para sa mga lokal at nasyonal na estratehiyang pangkaunlaran.

Nagawa at nakumpleto ang naturang *report* sa tulong ng *CBMS Network Coordinating Team*, *UNDP Philippines* at *National Economic and Development Authority (NEDA) Central Office*. Ang naturang dokumento ay nai-*showcase* din sa *United Nations (UN) General Assembly* na ginanap sa *New York, USA* noon ding Setyembre 2010.

Ang kopya nito ay makakuha *(available)* na ngayon sa *Provincial Planning and Development Office (PPDO)* sa *Provincial Capitol Building*, Daet. Ang iba pang lalawigan sa Pilipinas na mayroon ding kahalintulad na *report* ay ang Agusan del Norte, Agusan del Sur, Biliran, Eastern Samar, Marinduque, Romblon, Saranggani at Siquijor.

Ang *MDG* ay kinapapalooban *(naglalaman)* ng mga adhikain at layunin na tinatantiyang maaabot sa taong 2015. Ito ay binuo sa isinagawang *Millennium Summit* noong Setyembre 2000 ng mga bansang miyembro ng *UN* sa layuning mabawasan ang kahirapan lalo na ang mga taong mas higit ang pangangailangan at hindi naabot o nakatatanggap ng anumang tulong mula sa pamahalaan at mga pribadong sektor ng lipunan. Ang mga layuning ito ay ang *G-1 Eradicate Extreme Poverty; G-2 Achieve Universal Primary Education; G-3 Promote Gender Equality; G-4 Reduce Child Mortality; G-5 Improve Maternal Health; G-6 Combat HIV/AIDS, Malaria and Other Diseases; G-7 Ensure Environmental Sustainability*; at *G-8 Develop Global Partnership for Development*.

Ang nilalaman ng *MDG Report* ng Camarines Norte ay ang mga sumusunod: <u>Part 1 - Provincial Profile:</u> *Brief Historical Background, Geo-Physical Environment, Population and Social Environment, Local Economy, Infrastructure/Utilities/Facilities,* at *Local Institutional Capability*; <u>Part 2 – Status Report of MDGs:</u> Goal 1 - *Eradicate Extreme Poverty*, Goal 2 - *Achieve Universal Primary Education*, Goal 3 - *Promote Gender Equality*, Goal 4 - *Reduce Child Mortality*, Goal 5 - *Improve Maternal Health*, Goal 6 - *Combat HIV/AIDS, Malaria and Other Diseases*, Goal 7 - *Ensure Environmental Sustainability*, at Goal 8 - *Develop Global Partnership for Development*, at <u>Part 3 - Meeting the 2015 Challenge:</u> *Priority Programs and Policy Responses*, *Financing the MDGs* at *Monitoring the MDGs*.

Sa *Executive Summary Report* ay matutunghayan ang magandang balita, hindi gaanong magandang balita at ang malalaking hamong haharapin *(great challenges)* ng lalawigan.

Kabilang sa magagandang balita ang: 1) 12.2% ng mga kabataang edad 0-5 taon na kulang sa timbang *(underweight children)* na mas mababa kumpara sa 17.25% na 2015 *national target*; 2) 98.3% *literacy rate* na 1.7% lang ang kulang para maabot ang 2015 *national target* na 100%; 3) ang proporsyon *(ratio)* ng mga babae kontra sa lalaki ay 0.9% na malapit sa 1.1% na 2015 *national target*; 4) 40.2% ng kababaihan dito ay nakaupo bilang mga opisyales ng Sangguniang Kabataan, *Barangay Council*, at pamahalaang bayan at panlalawigan man; 5) mababa ang bahagdan dito ng mga naninirahan sa iskwater at pansamantalang tirahan *(makeshift housing)* na umabot lamang sa 4.2%, at 4.5%, ayon sa pagkakasunod; 6) mataas na bahagdan ng mahihirap na may *PhilHealth coverage* na 91.7%; 7) walang naitalang namatay sa sakit na *malaria*, at 8) 34.6% ng sambahayan *(households)* ang mayroong *cellular phones* na inaasahan pang tataas dahil sa 33 *cell sites* na nakatayo ngayon sa iba't-ibang bayan ng lalawigan.

Kabilang naman sa mga hindi gaanong magandang balita sa lalawigan ay ang: 1) 88.2% na *employment rate* na nangangahulugan ng 11.8% *unemployment rate* na pwedeng isa sa dahilan ng mataas na *poverty incidence* sa lalawigan; 2) 0.7% o 402 mga kabataang may edad 0-5 taon ay namatay kung saan 253 ay mga sanggol; 3) mababang bahagdan ng nabakunahan laban sa tigdas na umabot lamang sa 75.6%; 4) 2 sa 4 na positibo sa *HIV/AIDS* ay namatay na at ang natitirang 2 ay patuloy na ginagamot; 5) mababang bahagdan ng mga mag-asawa ang gumagamit ng kondom sa pagpaplano ng pamilya; 6) 78.5% lamang ang may palikuran *(access to sanitary toilet)* na mababa ng 5.5% kumpara sa 2015 *national target* na 83.8%, at ang sakit na *tuberculosis (TB)* ay nananatiling isa sa 10 pangunahing dahilan ng pagkamatay sa lalawigan na mayroong 38.3 *ratio* bawat 100,000 populasyon.

Ang malalaking paghamon sa lalawigan na kailangang bigyan ng atensiyon ay ang: 1) maibaba ng 43.3% ang populasyon ng mahihirap mula sa kasalukuyang 66% para maabot ang 2015 *national target* na 22.7%; 2) 20% lamang ng mga kabataan na papasok sa *grade 1* ang mayroong *ECCD experience*; 3) 79.5% lamang ang pumapasok sa elementarya; 4) pagpataas sa mababang *participation rate* sa *secondary school* na 59.6% lamang kumpara sa 2015 *national target* na 100%; 5) ang 88.9% *cohort survival*, at 79.4% *completion rate* sa mga pampublikong paaralang elementarya rito ay dapat mapataas para maabot ang 2015 *national target* na 100%; 6) 0.3% o 31 ina ang namatay sa panahon ng kanilang pagbubuntis; 7) pataasin ang *contraceptive prevalence rate* na

*(Sundan sa pahina 7)*

# PGN training materials mula sa NNC
## ipinamahagi sa 17 RHUs sa 12 bayan dito

Sa pamamagitan ng *Provincial Health Office (PHO)*, tinanggap kamakailan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte mula sa *National Nutrition Council (NNC)* ang mga *training materials* para sa *Promotion on Good Nutrition (PGN)* na gagamitin para sa pagsasagawa ng: 1) *Infant and Young Child Feeding (IYCF) Training for Barangay Implementers/Support Groups;* 2) *Training on* Pabasa sa Nutrisyon; 3) *Training on Egg Syllabus*, at 4) *Training on Vegetable Syllabus*.

Ang mga *training materials* ay kinabibilangan ng tig-564 na kopya ng *ECG*, PABASA *Kit*, *Egg Syllabus* at *Vegetable Syllabus* na ipinamahagi sa 17 *rural health units (RHUs)* sa 12 bayan dito base sa sumusunod na listahan: Basud – 58; Capalonga – 44; Daet 1 – 18, Daet 2 – 18, at Daet 3 – 14; Jose Panganiban 1 – 26, at Jose Panganiban 2 – 28; Labo 1 – 44, Labo 2 – 24, at Labo 3 – 36; Mercedes – 52; Paracale – 54; San Lorenzo Ruiz – 24; San Vicente – 18; Sta. Elena - 38; Talisay – 30, at Vinzons – 38 o kabuuang tig-564 na kopya. Ipinamigay naman nila ito sa nasasakupan nilang barangay na nilaanan nila ng tigda-dalawang kopya ng apat na nabanggit na *training materials.*

Samantala, ang may 1,692 na kopya ng *Additional Nutri-Guide* ay ipinamahagi rin sa 17 *RHUs* kung saan tig-6 na kopya ang tinanggap ng bawat barangay na nasasakupan nila: Basud – 174; Capalonga – 132; Daet 1 – 54, Daet 2 – 54, at Daet 3 – 42; Jose Panganiban 1 – 78; at Jose Panganiban 2 – 84; Labo 1 – 132, Labo 2 – 72, at Labo 3 – 108; Mercedes – 156; Paracale – 162; San Lorenzo Ruiz – 72; San Vicente – 54; Sta. Elena - 114; Talisay – 90, at Vinzons – 114 o kabuuang 1,692 kopya.

Bilang karagdagan, ang mga nabanggit na pagsasanay *(trainings)* ay pangangasiwaan ng mga tagapagsanay *(trainers)* ng bawat munisipyo na bibigyan naman ng tulong-teknikal ng *PHO* at *Department of Health (DOH)*. Ang pondo para rito na manggagaling sa *NNC* ay umaabot sa humigit-kumulang na P1,500,000.00.

Bilang karagdagan, ang Lalawigan ng Camarines Norte ay tumanggap din ng *PGN Information Education Campaign (IEC) materials* gaya ng *billboards* na may pamagat na *Vegetables* – 25; Gabay sa Wastong Nutrisyon -178 piraso, at; Egg – 25 piraso maliban sa tig-141 piraso ng *posters* ukol sa *Vegetables; Milk Code; Breastfeeding; Egg;* Gabay sa Wastong Nutrisyon, at *Eat a Variety of Foods.* ***LT IBASCO***

Be Safe. Don't give your name and address through the Internet. unicef

# EDITORYAL

## Pasko: pagmamahalan, kapayapaan, at pagkakaisa

MALAMIG na naman ang simoy ng hangin, pumapailanlang ang mga kantang pamasko, at ang kapaligiran ay nagbabadya ng saya. Pasko na naman!

Saan mang dako ng daigdig ay iisa ang mensahe ng Pasko: pagmamahalan, kapayapaan, at pagkakaisa. Dangan nga lamang at dito sa Pilipinas ay tila pana-panahon ang mga bagay na nabanggit tulad ng pananariwa at pagkalanta ng mga dahon sa puno.

Bakit nga ba hindi natin gawing uso ang pagkakaisa, pagmamahal sa isa't-isa, at ang pagkakaroon ng kapayapaan sa buong taon?

Nasabi namin ito dahil tiyak na pagkatapos ng mga Christmas Parties, pagpapalitan ng mga regalo, at kasunod ng pagliligpit ng mga Christmas trees at palamuti ay balik na naman tayo sa dati: inggitan, tsismisan, pamumulitika, at iba't ibang gawi na nagdudulot ng lungkot at galit sa ating mga dibdib at sa ating kapwa.

May mga kawani ng kapitolyo na sa kabila ng pagtanggap ng bonus ay malungkot pa rin dahil maliit daw at kulang na kulang ang kanilang tinanggap mula sa gobyerno para sa mga kagastusan ngayong kapaskuhan.

"*Count your blessings*," 'ika nga. Ang baso ay hindi "*half-empty*" kundi "*half-full*."

Kung makikita lamang natin ang mga batang halos walang makain, gula-gulanit ang damit, walang sapin sa paa, at malalalim ang mga mata dahil sa karukhaan, malamáng maiintindihan natin ang kasabihang: "***Tunay na walang sobra para sa tao, palaging kulang ang lahat para sa kanyang pangangailangan***."

Ngayong pasko, ibaling natin ang tingin sa ating kapitbahay. Huwag nating pagtuunan ng mahabang pansin ang ating sarili kundi ang mga taong nasa ating paligid. Pagkatapos, tanungin natin ang ating sarili: Dapat ba akong malungkot ó magsaya ngayong Pasko? Marahil magugulat ka sa isasagot mo.

Maligayang Pasko sa Lahat!

# Gob. Tallado binigyan ng 19-gun salute...

*(Mula sa pahina 1)*

*presentation of command and honors, inspection, honors to the nation*, at *pass-in review*. Ito rin ay tinampukan ng pagbibigay ng mensahe ni Gob. Tallado sa mga sundalo ng pamahalaan. Ipinahayag niya rito ang pagkilala niya sa katapangan at kagitingan ng mga kawal ng pamahalaan na sinusuong ang panganib sa pagtupad sa kanilang tungkulin sa kabila ng maliit na sweldo. Pinapanatili nila ang kaayusan at kapayapaan sa pamayanan, at ipinagtatanggol ang sinuman mula sa mga kriminal, rebelde at anumang grupo na nais maghasik ng kaguluhan at takot sa publiko, ayon sa kanya. Idinagdag pa ng gobernador na sila ang sibat na pipigil sa sinumang magtatangkang agawin ang ating demokrasya, at nagnanais na pabagsakin ang pamahalaan.

Una rito, pinangunahan nina Gob. Tallado at M/Gen Ruperto R. Pabustan, *AFP*, *Commander*, *9ID* ang paglalagay ng korona *(wreath laying)*. Ito ay bilang pagpupugay sa kadakilaan ng mga sundalong Bikolano na nagbuwis ng kanilang buhay sa pagtatanggol sa kalayaan ng Bikolandia.

Idinaos din ang isang *silent drill exhibition* kung saan nasaksihan ng publiko ang kahusayan ng tropang militar sa *precision drill exhibition* kahit walang *verbal command*. Nagsagawa rin sila rito ng serye ng *calculated drill movements* kung saan nagpakitang-gilas sila sa tamang/eksaktong paghawak ng armas/baril/riple, at sabay-sabay na paggalaw kahit walang nagbibigay ng tuwirang-utos.

Nakiisa rin si Gob. Tallado sa pagtatanim ng mga punungkahoy sa loob ng kampo ng *9ID PA*. Isinagawa ng gobernador ang *windshield tour* sa loob ng kampo lulan ng opisyal na sasakyan ng *9ID PA*. Nagkaroon din ng *video presentation* na may pamagat na "*9ID Today*".

Matatandaan na sa eleksyong isinagawa para sa posisyong *RPOC Chairman*, si Gob. Tallado ang pinili at pinagkatiwalaan ng lima (5) pang gobernador sa Rehiyong Bikol na humawak ng naturang posisyon. Ito ay sina Gob. Jose Clemente "Joey" Sarte Salceda ng Albay; Gob. Luis Raymund Villafuerte, Camarines Sur; Gob. Joseph Cua, Catanduanes; Gob. Rizalina Lanete, Masbate, at Gob. Raul Lee ng Sorsogon. ***LT IBASCO***







***Ang mga iba't-ibang eksena sa pagbisita ni Gob. Egay Tallado sa Camp Elias Angeles sa Pili, Cam. Sur kung saan pinarangalan ang gobernador bilang chairman ng Regional Peace and Order Council ng Rehiyong Bikol. Nagsagawa rin ng tree-planting sa loob ng kampo katuwang ang Commanding Officer ng 9ID ng Phil. Army na si Maj. Gen. Ruperto Pabustan. Tumanggap din ang gobernador ng isang token mula rito.***

Tagumpay ng Katuwiran, Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran
Bantayog
Opisyal na Pahayagan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte

***EDITORIAL BOARD:*** Governor Edgardo A. Tallado, Chairman; Executive Asst. IV & OIC Provincial Administrator Jose G. Boma, Vice Chairman; PDIC-PIA, CAO IV Purita P. Briñas, Atty. Ludivina G. Francisco, Private Secretary/Tourism Officer Designate, DWCN-FM Stn. Manager Rikki Vito, and Museum Curator I Abel C. Icatlo, members.

***EDITORS:*** *CAO IV* Purita P. Briñas, executive editor; Lorena T. Ibasco, managing & news editor; Melinda L. Jerez, feature; Engr. Wilson V. Porcincula, art/design.

***OFFICIAL PHOTOGRAPHER*** – Luigi Martin P. Querubin.


***CIRCULATION*** - Marcial P. Ferrer

***INFORMATION OFFICER DESIGNATES:*** OPAg-Melinda L. Jerez; ProVet-Samuel O. Villagen; HRMD-Nancy U. Hernandez; EERMD-Gonzalo C. Binay; PSWDO-Cynthia dela Cruz, Aileen Camacho, Dolores Tresmonte; PTO-Ma. Victoria A. Estacion & Vilma L. Barra; PEO -Jeremias Ibana & Lilian Corazon T. Atienza; PPDO-Marilyn P. Asis; MASCD-G.O.- Aida B. Pandeagua; GSO-Gina B. Racelis, PBO-Estela P. Adorna; SP-Josephine Q. Badong; PHO-Marino Abogado; LSD-G.O.—Dario C. Dime; PCSSD-PGII Virgel T. Zantua; PAssO-Nerissa A. Augusto & Jeffrey M. Regidor; PLO-Donna A. Guevarra; PAcctO-Lilian Y. Rafon, Maria Theresa N. Jimene & Lilian Rafon; PSEMO-Arnel S. Ferrer, Ernesto R. Andaya.

Inilimbag ng Pamahalaang Panlalawigan sa pakikipagtulungan ng Provincial Development Information Council (PDIC) bawat buwan upang magsiwalat ng kaalamang pangkaunlaran sa mga mamamayan at barangay. Sinusulat at inihanda ng Tanggapan ng Ugnayang Pampamayanan, Kapitol Probinsyal, Daet, Camarines Norte.

Tumatanggap ang pahayagan ng artikulong kontribusyon mula sa mga mambabasa. Hinihiling lamang na ito ay makinilyado ng doble espasyo, hindi susobra sa isang maikling bond paper ang haba at nagtataglay ng tunay na pa-ngalan at tirahan ng may akda, lalo na kung ito ay opinyon. Ang kahilingan na huwag nang ilimbag ang pangalan ng may akda ay pagbibigyan ng patnugutan.

Alin mang artikulo ay dadaan sa masusing pagsusuri upang iakma ito sa estilo ng pahayagan at limitadong espasyo nito.




# You light up my light

Ang pinaka-inaabangan sa mga kalunsuran/ siyudad tuwing sasapit ang panahon ng kapaskuhan ay ang mga nagniningning at naglalakihang mga parol, mala-higanteng *Christmas trees* at mga kakaiba at makukulay na mga palamuti sa mga *malls* sa iba't-ibang siyudad sa bansa. Dito naman sa atin sa probinsya, ang hinihintay-hintay natin tuwing pasko ay ang pagsasalu-salo ng pamilya at muling pakikipagkita-kita natin sa ating mga kababata at dating/matagal nang kaibigan.

Kung tutuusin, mas damang-dama talaga ang kapaskuhan dito sa probinsya kaysa sa kaMaynilaan. Hindi na pahuhuli ang ating mga kababayan sa Talisay sa pabonggahan ng palamuti tuwing kapaskuhan. Tuwing sasapit ang Pasko, ang Brgy. Poblacion sa bayan ng Talisay ay nagkakaroon ng paligsahan para sa *best lighted purok*. Ang mga kababayan natin na dumadaan dito ay kitang-kita ang liwanag at kislap ng mga palamuti kaya't di nakagugulat na naaakit din ang ibang nagdaraan na pagmasdan ang naturang tanawin lalo na kung gabi.

Sa naturang paligsahan ngayong taon, pinakanagustuhan ko ang pagkakapalamuti sa kahabaan ng Purok 1-B; at ang belen naman sa Purok 4.

Sobra talagang marami ang mga palamuting ilaw sa Purok 1-B na talagang nagbibigay ng kakaibang liwanag sa gabi. Halos kaya nitong talbugan pati na ang bahay ni Fanny Serrano na kilalang bonggang-bongga ang mga palamuti tuwing Pasko.

Ang belen naman sa Purok 4 ay kakaiba dahil gawa mula sa iba't-ibang *recycled materials*. Ang mga parol nito ay ginawa mula sa plastik na botelya ng 1.5 litrong *softdrinks*, at ang damit ng mga karakter sa belen ay gawa mula sa balat ng kaha ng sigarilyo. Sa'n ka pa? 'Yun lang nasabi ko sa aking sarili, ang dami namang nagsigarilyo nun!

Samantala, tinanghal namang *most lighted house* ang Rada *residence* na nasa Purok 1, Brgy. Poblacion, Talisay.

At katulad ng *Light a Tree project* ng Pamahalaang Panlalawigan, sa simpleng proyektong ito, napakaraming tao ang napasaya at patuloy na nadarama ang diwa ng kapaskuhan. Sana sa susunod na mga taon, mas mapaganda at mas marami pa ang magsagawa ng ganitong uri ng proyekto.

Light-a-tree project



# Team building activity...

(Mula sa pahina 1)

ñones, Ligaya Lo-Pedron, Rodolfo V. Gache, Romeo Marmol Dr. Ruth F. Herrera, Teresita DL. Malubay, Edgar Dasco, Joeffrey B. Pandi, Erwin Lausin, *Atty.* Godfrey Parale at Ex-Officio BM Ricky P. Manarang. Naging tampok na gawain dito ang mga pa-*raffle* ng mga *furniture and appliances* na nagsilbing personal na regalo ni Gob. Tallado sa mga kawani ng Kapitolyo. Ito ay isinagawa sa pagitan ng mga *parlor games*, pang-aliw na bilang at sayawan.

Dumalo rin sa okasyon ang mga iskolar ng *Provincial Government Scholarship Program (PGSP)* na una nang inanyayahan ng gobernador sa pamamagitan ni *Provincial Legal Officer Atty.* Sim O. Mata, Jr.

Sa isinagawang mga paligsahan, ipinakita ng mga opisyal at kawani ng iba't-ibang tanggapan ng pamahalaang panlalawigan ang kanilang husay sa pagsayaw, pag-arte at pag-awit man. Nanguna rito ang *Provincial Health Office (PHO)* na nanalo ng P19,000.00; pumangalawa ang SP na tumanggap ng premyong P15,000.00; pumangatlo ang *Governor's Office (G.O.)* na nakakuha ng P10,000.00, at nag-*tie* naman sa ika-4 at ika-5 puwesto ang *Provincial Accountant's Office (PAcctO)* at *Provincial Engineer's Office (PEO)* na binigyan ng premyong tig-P4,500.00. Ang *Provincial Planning and Development (PPDO)* at *Provincial Tourism Office* na nakakuha ng ika-6 at ika-7 puwesto ay tumanggap ng tig-P3,000.00. Ang ika-8 hanggang ika-10 puwesto naman ay naiuwi ng *Office of the Provincial Agriculturist (OPAg)*, *Provincial Custodial Security Services Division (PCSSD)* at *Museum Archives and Shrine Curation (MASCD)* na tumanggap ng tig-P2,000.00.

Ang pamantayan na ginamit sa pagpili ng mga nanalo ay ang mga sumusunod: *artistic quality (body movement, projection and coordination)* – 30%; *technical (props, costumes and music)* – 25%; *creativity (originality)* – 25%, at *audience impact* – 20% na may kabuuang 100%.

Game na game ding sumali ang karamihan sa iba't-ibang *parlor games* gaya ng *beer drinking contest* kung saan nanguna ang kinatawan ng SP na nanalo ng P1,750.00; pumangalawa ang *PCSSD* na tumanggap ng P1,250.00, at pumangatlo ang G.O. na binigyan ng premyong P750.00. Ang mga grupo naman na nanalo sa *name the prize contest* ay ang mga sumusunod: unang gantimpala – Joseph de Jesus at kasamahan – P3,000.00; ikalawang gantimpala – Gino Villafranca *& Co.* – P2,000.00, at ikatlong gantimpala – Aila Agnabo *& Co.* – P1,000.00.

Maliban sa mga ipina-*raffle*, nagbigay rin ng inumin at pagkain ang gobernador. Tuluy-tuloy ang na-ging selebrasyon na mas nabigyang-buhay dahil sa mga masisiglang awitin na tinugtog ng *After Six Band*.

Samantala, ang naturang *team building activity* ay isinagawa ng administrasyon ni Gob. Tallado sa layuning mabuo ang diwa ng pagkakaisa, pagtutulungan at partisipasyon ng lahat ng opisyal at kawani ng pamahalaan, *job order*, *casual*, regular ó permanenteng kawani man sila ng pamahalaan. Inaasahan na sa pamamagitan nito, mas mahusay at epektibong maipatupad ang iba't-ibang programa, proyekto at aktibidad nito para sa kapakanan ng mga mamamayan, at sa pagsusulong ng kaunlaran ng lalawigan ng Camarines Norte. *LT IBASCO*

Team Building scenes & seen . . .













# Pampamahalaan at pribadong grupo nagsagawa ng gift-giving activity para sa mga CNPJ inmates






*Ang gift-giving activities na isinagawa sa Camarines Norte Provincial Jail ng iba't ibang paaralan at ilang tanggapan at mga non-government organizations dito sa lalawigan bilang pakikiisa sa pamahalaang panlalawigan sa pagdiriwang ng araw ng kapaskuhan dito.*



Naging maaga ang paghahanda ng pamunuan ng *Camarines Norte Provincial Jail (CNPJ)* para sa *gift–giving activity* na taun-taon nitong isinasagawa sa panahon ng kapaskuhan bilang handog sa mga nakadetine sa panlalawigang piitan. Ito ay pinamunuan ni *Acting Provincial Jail Warden* Reynaldo N. Pajarillo na muling kumatok sa puso ng ating mga kababayan para makapangalap ng mga regalo na ibibigay sa mga nakadetine sa *CNPJ*.

Positibo namang tumugon dito ang mga pampamahalaang tanggapan na nagbigay ng mga sabon, *shampoo*, *toothpaste*, *noodles*, sardinas, bigas, at damit para sa mga nakapiit sa *CNPJ*. Kasunod nito, ipinaabot ng pamunuan ng *CNPJ* ang pasasalamat nito sa mga sumusunod na sumuporta sa kanilang inisyatibo: Sangguniang Panlalawigan (SP), *Provincial Veterinary Office (PROVET)*, *Ecosystem and Environmental Resource Management Division (EERMD)*, *Provincial Engineer's Office (PEO)*, *Provincial Planning and Devt. Office (PPDO)*, *Library Services Division (LSD)*, *Community Affairs Office (CAO)*, at iba pang tanggapan ng pamahalaang panlalawigan, at ang mga pamahalaang lokal ng bayan ng Talisay, Basud, Vinzons, at San Lorenzo Ruiz. Tumugon din sa kanilang panawagan ang sektor ng edukasyon gaya ng *Saint Francis Parochial School (SFPS)*, *Vinzons Pilot High School (VPHS)*, *Mabini Colleges (MC)*, *Camarines Norte State College (CNSC)*, *Abaño Laboratory High School (ALHS)*, at *San Vicente Parochial School (SVPS)*.

May ilang pribadong indibidwal din ang nagbigay ng iba't-ibang sangkap sa pagkain na siyang inihanda ng *CNPJ*, at pinagsaluhan ng mga detenido at kanilang pamilya noong Disyembre 25, 2010 kasabay ng kanilang *Christmas Party* na sinimulan sa isang banal na misa na pinangunahan ni *Prison Ministry Chaplain Rev. Fr.* Fidel S. Era. Sa pagitan ng pagsasalu-salo, nagkaroon ng mga palaro para sa pamilya ng mga detenido bilang *open– house activity*. Una rito, ilang paaralan at pribadong indibidwal na rin ang nagsagawa ng kahalintulad na *gift-giving activity* para sa mga detenido.

Lubos naman ang pasasalamat ng *CNPJ* sa mga taong tumulong at patuloy na tumutulong, at hindi binigyang-pansin ang negatibong kultura na kaakibat ng salitang "preso". Ito ay isang patunay na ang pagtulong at pagmamahal sa kapwa ay walang kundisyon, at ang araw ng kapaskuhan ay para sa lahat ng anak ng Diyos saan mang dako ng mundo, nasa labas ó loob man ng malamig na rehas na bakal.

Maliban sa *gift-giving activity*, isinagawa rin sa buwan ng Disyembre ang isang *medical-dental mission* para sa mga *CNPJ inmates*. Ang nasabing misyon noong Disyembre 16, 2010 ay pinangunahan ni Dr. Rene Zaño katulong ang mga kinauukulang medical at dental staff ng *Camarines Norte Provincial Hospital (CNPH)*.

Naisakatuparan ang *medical-dental mission* sa pakikipag-ugnayan ni *APJW* Pajarillo kay Dr. Arnulfo G. Salagoste na aktibong sumuporta sa inisyatibong bigyan ng libreng serbisyong-medikal at dental ang mga detenido. Humigit-kumulang sa 150 na mga nakadeteni sa *CNPJ* ang nabigyan ng libreng konsultasyon. Ang reseta naman ay ipinakita nila sa botika *(pharmacy)* ng *CNPH* para makakuha ng libreng gamot.

Ang mga nabanggit na gawain ay matagumpay na naisagawa sa pamamagitan ng aktibong suporta ni Gobernador Edgardo A. Tallado. ***ARIES N. BALBAS***

# Iligal na pangunguha at pagbibiyahe ng bato at buhangin huli ng Governor's Task Force

Sa pamumuno ni Gobernador Edgardo A. Tallado, pinaigting nito ang kampanya ng Pamahalaang Panlalawigan laban sa iligal na pangunguha at pagbibiyahe ng bato, buhangin at *gold tailings* sa pamamagitan ng *Governor's Task Force*.

Bunga nito, 1 *tricycle hauler* at 5 trak na may kargang *gold tailings* ang nahuli ng nasabing *task force* sa magkakahiwalay na lugar sa lalawigan ngayong taong 2010.

Ang mga may-ari ng nahuling trak na may kargang *gold tailings* ay sina Alfredo Gonzales ng Sibul *Spring*, San Miguel, Bulacan; at Ricardo Vega ng So. Matanlang, Brgy. Tawig, Paracale, Camarines Norte.

Samantala, ayon sa talaan ng *Ecosystem and Environmental Resource Management Division-Governor's Office (EERMD-GO)* na pinamumunuan ni Engr. Leopoldo P. Badiola, ang may-ari ng mga nahuling sasakyan na may kargang bato at buhangin ay kinabibilangan nina Raul Capsa ng Magallanes Iraya, Daet, Camarines Norte; Ivan Lukban ng Labo, Camarines Norte; Nestor Maesa ng Talisay, Camarines Norte; Elvie Sta. Catalina ng Pasig, Daet, Camarines Norte; Alex Arcillo ng Basud, Camarines Norte; at Raymond Racoma ng Calauag, Quezon.

Ang mga nahuling trak ay pinakawalan din agad matapos makapagbayad ng kaukulang multa ang mga may-ari nito ayon sa itinatadhana ng *Provincial Ordinance No. 09-92 - An ordinance adopting the implementing rules and regulations governing the extraction, removal, and disposition of ordinary earth, sand, gravel, boulders and other quarry resources from the bed of seas, lakes, rivers, streams, creeks and from other public and private lands at Provincial Ordinance No. 21-95, An ordinance regulating the small-scale mining industry in Camarines Norte and providing penalty thereof as amended by Section 4.3, Article III, Chapter IX of Camarines Norte Environment Code.* ***(GCB)***

# Advocacy parade...

(Mula sa pahina 8)

*of 2003) and on the theme of the IDAHT re: "Justice and Protection for Victims of Child Trafficking"* na itinaguyod ng JCI *Kabihug Jaycees* sa pangunguna ng presidente nito na si Henry King, Jr.

Sa katulad na lugar, magkakaalinsabay na idinaos sa dakong hapon ang *quiz bee*, *extemporaneous speaking* at *essay-writing contests* habang sa *DepEd Administration Building* naman ginanap ang *slogan contest* na pawang tinangkilik ng *DepEd* sa pangangasiwa ni ES 1 at PACT Area 3 Convenor Conrado A. Rempillo ng DepEd at ng mga opisyales ng SAGIP-PSL. Sa *Alternative Learning System (ALS) Building* naman idinaos ang *Poster-Making Contest* na pinangasiwaan ni President Amelita Yago ng *Kiwanis Club of Reina Daeteña.*

Nakiisa naman sa *advocacy parade and program* noong Dis. 14 ang may humigit-kumulang 750 katao. Ang parada na nagsimula sa *Eco-Athletic Field* at dumaan sa Provincial Capitol patungo sa mga pangunahing kalsada sa sentro ng bayan ng Daet at huminto sa harapan ng *Central Plaza Mall (CPM).*

Matapos ito, nagkaroon ng programa sa *CPM Atrium* kung saan ang mensahe ni Gob. Tallado ay ipinaabot ng kanyang kinatawan na si *Executive Assistant IV/ OIC Provincial Administrator* Joey G. Boma.

Ang nasabing programa ay tinampukan din ng paggawad ng papremyo sa mga nanalo sa mga patimpalak na kinabibilangan ng mga sumusunod: **Quiz Bee**: 1st – Ella Mae C. Fulgueras, *Basud National High School (BNHS)*, *coach*-Ms. Rosalie M. Sarion; 2nd – Cydrick B. Andaya, D.Q. *Liwag National High School (DQLNHS)*, *coach*-Mr. Oscar Argamosa, at 3rd – Lee Jane Matriano, *Camarines Norte National High School (CNNHS)*, *coach*-Ms. Amor Bauca; **Extemporaneous Speaking Contest**: 1st – Raymond A. Canaba, *San Felipe National High School (SFNHS)*, *coach*-Ms. Luningning D. Gaza; 2nd – Hashanah Belle S. Ibis, *Labo Science and Technology High School (LSTHS)*, *coach*-Mr. Gary M. Sayno, at 3rd – Pauline E. Orpiada, *Camarines Norte National High School (CNNHS)*, *coach*-Ms. Flordeliza B. Siguenza; **Essay-Writing Contest**: 1st – Judielyn C. Agua, *Jose Panganiban National High School (JPNHS)*, *coach*-Ms. Marilou Dasco; 2nd – Gladys Joy R. Tabigan, *Moreno Integrated School (MIS)*, *coach*-Ms. Ofelia Beltran; 3rd – Julie Ann Q. Perez, *Manguisoc National High School (MNHS)*, *coach*-Ms. Alita Yadao, at Omar P. Bardon, *DQLNHS*, *coach*-Mr. Oscar Argamosa; **Poster-Making Contest**: 1st – Ronel A. Ramores, *DQLNHS*, *coach*-Mr. Argamosa; 2nd – Emmanuel Burgos, *MIS*, coach-Ms. Ofelia Beltran, at 3rd – James Chua, *MNHS*, *coach*-Ms. Yadao; *consolation prizes* – Dianne Sayson, *BNHS*, *coach*-Mr. Darius Sabocor, at Robert Pajarillo – *CNNHS*, *coach*-Mr. Aldren Y. Verdad, at **Slogan Contest**: 1st – Jeanawaverly T. Riberta, *CNNHS*, *coach*-Ms. Romerlita Defeo; 2nd – Jay-R S. Sillano, *Pambuhan National High School (PNHS)*, *coach*-Mr. Eliezer Molina, at 3rd – Kimberly S. Mojico, *BNHS*, *coach*-Ms. Rosalie M. Sarion. Ang mga nanalo ng unang puwesto ay pinagkalooban ng tig-P500.00; ikalawang puwesto-P300.00, ikatlong puwesto-P200.00, at P100.00 para sa *consolation prizes*.

Maliban sa mga nabanggit, itinaguyod ng mga katuwang na pampamahalaan at pribadong sektor ang mga sumusunod na gawain: Disyembre 3 –*Symposium on Drug Abuse and Human Trafficking c/o St. Luke Christian Learning Center*, Daet; Dis. 4 at Dis. 7 na ginanap sa Labo at Basud, Camarines Norte – *PTA Leadership Training and Symposium on Human Trafficking and Other Laws on Child Protection c/o GPTA, Basud National High School*; Dis. 10 – *Symposium on Human Trafficking and Laws on Child Protection/Parent Education Seminar c/o Magsaysay National High School*, Brgy. Magsaysay, Capalonga, Cam. Norte, at; Dis. 11 – *Re-engineering Collaborative PTA and School Partnership Towards Quality Education and Symposium on Human Trafficking and Other Laws on Child Protection* na ginanap sa DepEd Conference Hall.

Pinangunahan naman nina DILG Provincial Director Robin Mercado at Gg. Purita P. Briñas noong Dis. 9 ang *radio guesting* sa Radyo ng Bayan *(DWCN-FM)*. Si Ms. Briñas na nanunungkulan bilang *Community Affairs Officer IV* ng *Office of the Governor-Community Affairs Office (CAO)* ay napili ring Vice Chairman ng National Campaign Council ng *Philippines Against Child Trafficking (PACT)* at *Bicol Regional Convenor*. Bilang *PACT Regional Convenor*, pinangasiwaan ni Ms. Briñas ang pamamahagi sa mga kinauukulang tanggapan at organisasyon ang tig-1,361 kopya ng mga sumusunod na suplay na pinunduhan ng *United Nations Children's Fund (UNICEF): posters, fans, fans (reprint), RA 9208 primer, posters with guidelines;* at *mga t-shirts* na ipinamigay sa mga sumusunod: *school personnel, PTA officers, radio staff; JCI Daet Kabihug Jaycees, JCI Bulawan; Area 3 Planning and Working Committees; Kiwanis Club of Reina Daeteña officers, PACT members/ officers* at mga piling *public officials.* ***LT IBASCO***

# Status report...

(Mula sa pahina 3)

29.9% lamang; 8) 59.4% lamang ang nanganak sa ilalim ng pangangalaga ng mga *health personnel*; 9) mababang antenatal coverage na 57.5%, at; 10) 66.6% lamang ng populasyon ang nakakakuha ng ligtas na inuming-tubig kung saan 89.3%, at 59.1% ay nasa *urban* at *rural areas*, ayon sa pagkakasunod.

Upang maabot ang *MDG targets* ng lalawigan, kailangan ang sama-samang ibayong pagkilos at pagtutulungan ng mga lokal at nasyonal na tanggapan ng pamahalaan, *non-government organizations (NGOs)*, at iba pang kaukulang institusyon. Mahalaga rin ang aktibong partisipasyon ng komunidad at iba pang sektor lalong higit sa mga palatandaan *(indicators)* na kinakailangan ng agarang aksyon para masolusyunan ang problema sa kahirapan; edukasyon (*ECCD*, elementarya at sekondarya); *maternal health*; malinis na inuming-tubig, at partikular na ang isyu ng limitadong pondo ng mga *local government units (LGUs)* gayundin ang kaluwagan *(laxity)* sa pagpapatupad ng batas na may kinalaman para maipatupad ang MDGs.

Samantala, isang *Memorandum of Agreement (MOA)* ang una nang nilagdaan sa pagitan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte na kinatawan ni Gob. Tallado, at ng *CBMS Network Coordinating Team* na kinatawan ni Dr. Celia M. Reyes, kaugnay sa paggawa ng una ng *Status Report* ng *Millennium Development Goals (MDGS)* gamit ang *CBMS data* ng lalawigan ng Camarines Norte. Ang tanggapan na pangunahing nasasangkot dito ay ang *Provincial Planning and Development Office (PPDO)* na pinamumunuan ni *Arch.* Madonna A. Abular, *provincial planning and development coordinator*. Pinangunahan din ni *PPDC Arch.* Abular ang *Provincial Project Team* na binuo ng *PPDO* na siyang gumawa ng *Provincial MDG Report* sa tulong ng *CBMS Network Coordinating Team*.

Bilang karagdagan, ang *CBMS* ay isang pansosyo-sibikong gawain *(socio-economic activities)* na nakatuon sa kapakanan ng bawat pamilya lalo na yaong kabilang sa mas nangangailangang mga grupo ng komunidad na makakamit sa pamamagitan ng pagkalap ng wasto at napapanahong impormasyon na magagamit para sa pagpaplano at pagbibigay ng akmang tulong sa iba't-ibang sektor ng komunidad. Nakapaloob sa *CBMS survey instrument* ang mga sumusunod na palatandaan *(indicators)*: *health and nutrition*, *education*, *housing*, *income*, *water and sanitation*, *employment*, at *peace and order*. Ang mga datos ng *CBMS* ay napakahalagang basehan para matukoy ang antas ng kahirapan sa *municipal* at barangay *levels*.

Inaasahan na ang dokumentong nabanggit ay magsilbing gabay para maaabot ng lalawigan ang 2015 *national target* sa pamamagitan ng sama-samang pagkilos ng mga lokal at nasyonal na ahensiya ng pamahalaan, at iba pang institusyon. ***MARILYN P. ASIS***

# 28th Boys and Girls Week...

(Mula sa pahina 2)

*Grounds* noong Disyembre 13, 2010. Lumahok din dito ang mga *appointed youth officials* sa pangunguna ni *Youth Provincial Administrator* Mark Anthony Jerez. Ito ay sinundan ng pagganap nila sa kani-kanilang tungkulin bilang halal o itinalagang opisyal ng pamahalaang panlalawigan.

Samantala, pinangunahan naman ni *Girl Vice Governor* Princess Burce ang pagdalo ng *mga Youth SPBMs* sa isang *joint session* sa Sangguniang Panlalawigan kasama ang kani-kanilang *counterpart officials*. Una rito, nakipagdayalogo muna sila sa kani-kanilang *counterpart officials* bilang paghahanda sa nasabing sesyon.

Ang mga *elected* at *youth officials* ay dumalo rin sa *Orientation/ Advocacy on the Convention on the Rights of the Child/Child-Friendly Movement (CRC/CFM) to Child/Youth Leaders* na idinaos noong Disyembre 14, 2010 sa *Little Theater, Camarines Norte Agro-Sports Center*, Daet. Kinabukasan, Disyembre 15, nag-*courtesy call* sa *Department of Education (DepEd) Division Office* at bumisita rin sila sa *Camarines Norte Provincial Jail (CNPJ)*.

Maliban sa mga nabanggit, binisita rin ng mga kabataang lingkod-bayan ang ilang proyektong pang-imprastraktura na isinasagawa ng pamahalaang panlalawigan. Sila rin ay nag-*courtesy call* sa mga hukom ng *Hall of Justice*. Ang mga *provincial youth officials* din ay nakipagpulong sa mga *municipal youth officials*.

Ang lahat na *provincial* at *municipal youth officials* ay nagkaroon ng *Christmas Party and Fellowship* kasama ang mga *Kiwanians* maliban pa sa isang ***luncheon conference*** kasama ang kanilang mga *counterpart officials* at mga opisyal at miyembro ng *Kiwanis Club of Daet*. *LT IBASCO*

# Light-a-tree project ng Kapitolyo sinuportahan

## ng mga pampamahalaang ahensya at pribadong grupo

Nagliwanag at nagkakulay ang mga punungkahoy sa *Provincial Capitol* (Kalayaan) *Park* simula Nobyembre 17-Enero 6, 2011.

Ito ay matapos na pangunahan ni Gobernador Edgardo 'Egay' A. Tallado ang seremonyal na pagpailaw sa mga punungkahoy noong Nobyembre 17, 2010 sa ganap na ika-7 ng gabi. Isinagawa ito pagkatapos ng maikling programa sa *Provincial Capitol Front Lobby* na dinaluhan ng ilang opisyal at kawani ng pamahalaang panlalawigan, ahensya ng pamahalaan at pribadong sektor.

Ang *Light-a-Tree Project* ay naisakatuparan sa pamamagitan ng aktibong pakikiisa ng: *Kabihug Jaycees*; *Rotary Club of Daet North*; Kabalikat *Charity*; *Camarines Norte Electric Cooperative (CANORECO)*; *Camarines Norte Water District (CNWD)*; *Family Merchants Development Corporation (FMDC)*; *Mabini Colleges*; *Camarines Norte State College (CNSC)*; *Couples for Christ (CFC)*; *Catherine's Bagasbas Lighthouse*; *Camarines Norte Provincial Prosecutor's Office (CNPPO)*; *Bureau of Internal Revenue (BIR)*; *Land Bank of the Philippines (LBP)*; *Development Bank of the Philippines (DBP)*; *Kiwanis Club of Daet*; *Sto. Niño Hospital*; *University of the Philippines Alumni Association* (UPAA), at *Filipino-Chinese Chamber of Commerce (FCCC)*. Sila ay pumili ng tig-iisang puno na dinisenyuhan nila at nilagyan ng mga makukulay na ilaw na nagbibigay-liwanag sa paligid ng parke.


Dahil sa nagagandahang disenyo at makukulay na liwanag ng mga ilaw, nadagdagan ang bilang ng mga nagtutungo sa parke tuwing gabi upang mamasyal at magpalipas-oras kasama ang pamilya ó kaibigan.

Ang nasabing proyekto ay itinaguyod ng pamahalaang panlalawigan sa pamamagitan ng *Provincial Tourism Office* na pinamamahalaan ni Atty. Deebee G. Francisco. ***LT IBASCO***

Tagumpay ng Katuwiran,
Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran
Bantayog
Opisyal na Pahayagan ng
Pamahalaang Panlalawigan ng
Camarines Norte

TAON 1, BLG. 8 DAET, CAMARINES NORTE DISYEMBRE, 2010
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Cam.. Norte"
Website: Http//www.camarinesnorte.gov.ph Email: cao_cnorte@yahoo.com





***Ang higanteng Christmas tree sa loob ng lobby ng kapitolyo na bahagi ng light-a-tree project ni Gob. Egay Tallado at ang isa sa mga kalahok rito ay ang replica ng tower ng Mabini Colleges na binuo ng mga mag-aaral at kawani ng nasabing paaralan.***

# Advocacy parade/programs, mga patimpalak isinagawa

## sa selebrasyon dito ng International Day Against Human Trafficking

Aktibong sinuportahan ni Gobernador Edgardo 'Egay' A. Tallado ang selebrasyon dito ng *International Day Against Human Trafficking (IDAHT)* noong Disyembre 12, 2010 na may temang: *"Justice and Protection for Victims of Child Trafficking"*.

Ito ay sa pamamagitan ng pagbibigay ng mahigit P5,000.00 pondo at 15 tropeyo bilang pabuya sa mga nanalo sa iba't-ibang patimpalak na isinagawa kaugnay ng nabanggit na pagdiriwang. Maliban dito, ipinalabas ni Gob. Tallado ang Kautusang Tagapagpaganap Blg. 2010-39 noong Nobyembre 11, 2010 na nagtatakda sa panlalawigang selebrasyon ng IDAHT sa ika-12 ng Disyembre 2010 para sa kaalaman at gabay ng mga kinauukulang pampamahalaang tanggapan at pribadong organisasyon na nagtataguyod sa kampanya kontra *human trafficking*.

Ang *IDAHT* ay ipinagdiwang dito sa pamamagitan ng Oras ng Pananalangin *(Hour of Prayer)* at *candle-lighting ceremony* para sa mga biktima ng *child trafficking* na idinaos sa loob ng okasyon ng Pamaskong Handog sa *Persons with Disabilities (PWDs)* na itinaguyod ng *JCI Bulawan Jaycees* sa pamamagitan ng presidente nitong si Gg. Eliza Llovit.

Isinagawa naman kinabukasan ng umaga, Disyembre 13 sa *Department of Education (DepEd) Conference Hall* ang *Symposium on RA 9208 (Anti-Trafficking in Persons Act*

(Sundan sa pahina 7)





***Si OIC PA Joey G. Boma (kaliwa) na ibinibigay ang mensahe ni Gob. Egay A. Tallado para sa IDAHT, na sinundan ng mensahe ng Guest of Honor Ma. Muriel Moral-Pandi.***





